Disiplinang Positibo

Para sa karagdagang kopya nitong lathalain, bumisita sa aming web site sa:
www.peelcas.org

Peel Children's Aid
8 Nelson Street West, Suite 204
Brampton, ON L6X 4J2
Telepono: 905-796-2121
Paks: 905-796-2293

o

101 Queensway West
Mississauga, ON L5B 2P7
Telepono: 905-275-7444
Paks: 905-275-1600

Peel Children's Aid

Bibliyograpiya

Baumrind D
Minn Symposium Child Psychol (Sikolohiyang Pagpupulong sa Minnesota) 1973; 3-46
The development of instrumental competence through socialization, (Ang pamamaraan na may abilidad sa pamamagitan ng pakikisalamuha na patungo sa pag-unlad.)

Davies GR, McMahon RJ, Flessati EW, Tiedemann GL
Child Dev (Ang Pag-unlad ng Bata) 1984; 55 :111290-11298. *Verbal rationales and modeling as adjuncts to a parenting technique for child compliance* (Makatarungang pananalita at pagbibigay halimbawa bilang karagdagang pamamaraan sa pag-aaruga bilang magulang para sa ikakabuti ng bata.)

Dix T
Psychol Bulletin (Sikolohiyang Babasahin) 1991; 110 : 3-35
The affective organization of parenting: adaptive and maladaptive processes (Ang nakakaapektong organisasyon ng pag-aaruga bilang magulang: nakakasanayan at hindi makasanayang proseso.)

Durrant JE, Rose-Krasnor L
Spanking: Should I or Shouldn't I? (Pamamalo: Kinakailangan ko ba o hindi?) Libretang inilathala ng Unibersidad ng Manitoba 1994

Durrant JE
Child Abuse Negl (Ang Pagbalewala sa Mga Batang Naabuso) 1999 23 :435-48
Evaluating the success of Sweden's corporal punishment ban. (Ang pagsusuri ng tagumpay ng Sweden sa pagbabawal ng parusang militar.)

Embry D, Malfetti J
Reducing the risk of pedestrian accidents to preschoolers. (Ang Pag-was sa panganib o aksidente ng mga maliliit na batang tumatawid sa daan). *Part of Safe Playing* (Parte ng Ligtas na Paglalaro) Pinal na ulat na inilathala ng Unibersidad ng Columbia 1982

Friedman SB, Schonberg SK
Pediatrics (Mga Pambatang Medikal) 1996; 98 :803-860. *The short and long-term consequences of physical punishment.*(Ang maikli at pangmatagalang kahihinatnan ng parusang pisikal)

Graziano AM, Hamblen JL, Platte WA
Pediatrics (Mga Pambatang Medikal) 1996; 98 :845-848. *Subabusive violence in child-rearing in middle-class American families.* (Abusong bayolente ng pamamalo sa likuran ng bata sa mga pangkaraniwan na pamilyang Amerikano)

Kohlberg L
Review of Child Development Research (Ang pag-aanalisa sa Pananaliksik sa Pag-unlad ng Bata), Pundasyon ng Russell-Sage 1964 :383-431, *Development of moral character and moral ideology.* (Ang pag-unlad ng moral na pagkatao at moral na ideyolohiya o paniniwala)

MacMillan HL, Boyle MH, Wong MY, Duku EK, Fleming IE, Walsh CA
CMAJ 1999 5 oct; 161(7):805-9. *Slapping and spanking in childhood and its association with lifetime prevalence of psychiatric disorders in a general population sample*. (Ang pananampal at pamamalo habang bata at ang mga kaugnayan nito sa pangmatagalang mga insidente ng pagkahina ng isip, sa mga halimbawa ng pangkalahatang populasyon)

McCord J, J *Personality and Social Psychology.* (J Ang Personalidad at Panlipunang Sikolohiya) 1979; 37(9) : 1477-1486. *Some child-rearing antecedents of criminal behavior in adult men.* (Kadalasan ang pamamalo sa likod ng bata ay katulad rin at umaakma sa pag-uugaling kriminal ng mga kalalakihang nasa husto na ng edad.)

McCord, J, *Pediatrics* (Mga Pambatang Medikal) 1996; 98 :832-834. *Unintended consequences of punishment*. (Walang intensyong resulta ng pamamalo)

Parke RD, *Child Dev* (Pag-unlad ng Bata) 1969; 40 :213-235. *Effectiveness of punishment as an interaction of intensity, timing, nurturance and cognitive structure.* (Mga epekto ng pamamalo bilang pagpapakilala ng lakas, pag-aaruga at tamang pagpapalaki)

Power T, Chapieski K, *Dev Psychol* (Pag-unlad ng Sikolohiya) 1986; 22 : 271-275. *Childrearing and impulse control in toddlers.* (Ang pamamalo sa likod at ang kagustuhang kontrolin ang mga maliliit na bata)

Renard M, Tridon P, Kuhnast M, Renault JM, Dolfus P
Paraplegia (Pagkalumpo) 1978 May; 16(1) : 130-4. *Three unusual cases of spinal cord injury in children* .(Tatlong kakaibang mga kaso ng pinsala sa buto ng likod sa mga bata)

Roberts MW, Powers SW, *Behav Ther* (Paggagamot sa Mga Pag-uugali) 1990; 21 : 257-271
Adjusting time-out enforcement procedures for oppositional children. (Ang pagpapatupad at pagsasagawa ng panandaliang pahinga o *time out* na pamamaraan para sa mga batang hindi mapasunod)

Scarboro ME, Forehand R, J *Exp Child Psychol* (J Karanasan sa Sikolohiya ng Bata) 1975; 19:252-264
Effects of two types of response-contingent time-out on compliance and opoositional behavior of children. (Epekto ng dalawang klase ng responde at panandaliang pahinga o *time out* ang umuugnay at hindi umaayon sa pag-uugali ng mga bata)

Stormshak EA, Bierman KL, McMahon RJ, Lengua LJ
J Clin *Child Psychol* (Pambatang Sikolohiya) 2000 Marso; 29(1) : 17-29
Parenting practices and child disruptive behavior problems in early elementary school. (Ang pagsasanay ng pag-aaruga bilang magulang at ang mga aburido at maling pag-uugali ng mga bata na nasa mababang grado ng elementarya)

Straus MA, Mouridian VE
Behav Sci Law (Batas sa Agham ng Pag-uugali) 1998 Tag-araw; 16(3) : 353-74. *Corporal punishment by mothers and antisocial behavior and impulsiveness of children.*(Pagparusang militar ng mga ina at ang kawalang ganang pakikisalamuha sa lipunan at ang kagustuhan ng mga bata)

Straus MA, *World Congress of Sociology.*(Ang Pambuong Mundong Kongreso ng Sikolohiya), Agusto 1, 1998 *Corporal punishment and IQ.* (Ang Parusang Militar at IQ)

Straus Ma, Sugarman DB, Giles-Sims J
Arch *Pediatr Adolesc Med* (Ang Lugar Pagamutan Para sa Mga Bata at Matanda) 1997 Agusto; 151 (8) : 761-7. *Spanking by parents and subsequent antisocial behavior of children.* (Ang pamamalo ng mga magulang at ang patuloy na kawalang gana na pag-uugali ng bata sa lipunan)

Webster-Stratton C, Kolpacoff M, Hollinsworth T
J *Consult Clin Psychol* (J Klinika ng Konsultasyon para sa Sikolohiya) 1989; 57 : 550-553. *The long term effectiveness and clinical significance of three training programas for families with conduct problem children.*(Ang pangmatagalang epekto at mahalagang bahagi ng tatlong pagsasanay sa mga programa para sa mga pamilyang may mga anak na may problema sa pag-uugali)

Wilson DR, Lyman RD
Child *Family Behav Ther* (Pagamutang Pambata, Pampamilya at Pag-uugali) 1982; 4:5-20. *Time-out in the treatmet of childhood behavior problems* (Ang panandaliang pahinga o *time out* bilang gamot sa mga maliliit na bata na may problema sa pag-uugali.)

- Sa mga paslit o mas maliliit na mga bata, kinakailangang linawin ng mga magulang ang kanilang mensahe sa pamamagitan ng dagdag na kilos o aksyon. Halimbawa, kung ang bata ay tumakbo patungong daan, maaari siyang kunin at buhatin patungong loob ng bahay o sa likod bahay kung saan siya ay ligtas na makakapaglaro. Kung ang isa ay nanakit ng iba, pumagitna ang magulang at kunin ang nasaktan.
- Kung kinakailangan, hayaan ng mga magulang na maranasan ng mga bata ang anumang kahihinatnan paminsan-minsan. Kung nahuli nang uwi ang bata, hayaang siya ang mag-init ng sariling pagkain o hayaang kainin ito nang malamig.
- Maaring sabihin ng mga magulang na "makipagkasundo" o lutasin ang problema na nagiging dahilan ng kanyang pag-uugali. Ipaintindi sa kanila na kung sila ay magkukulay sa dingding, sila rin ang may responsibilidad na maglinis nito.
- Importante ring maintindihan ng mga magulang ang kani-kanilang saloobin. Ang mga magulang na pagod na sa ibang isyu ay madaling magalit sa mga anak at nauuwi sa pamamalo o pagmamalupit kalaunan.

Pagtatapos

Dahil ang mga bata ay mahihina, ang ating lipunan ay nagsasagawa ng mga bagay upang sila ay maprotektahan. Habang ang mga magulang ay gumagamit ng parusang pisikal upang turuan ng leksyon o gabayan ang mga bata, mas malaki ang tyansa nang pananakit – emosyonal, pag-iisip at pisikal – imbis na magsagawa ng mas ligtas na pamamaraan na siya namang napatunayan na epektibo. Ang Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel (Peel Children's Aid) ay malinaw na bumabahagi sa isyung ito.

Hindi namin inaayunan o sinusuportahan ang pagpaparusang pisikal sa mga bata imbis ay hinihikayat namin ang mga magulang na magimbestiga ng mga nararapat gawin upang igabay ang kanilang mga anak patungo sa responsableng paglaki.

Disiplinang Positibo

Panimula

Nanggaling man sila sa iba't-ibang lugar, paniniwala o relihiyon at mga tradisyon, ang mga magulang mula sa iba't-ibang kultura ay mayroong pagkakatulad. Sila ay nagbabahaginan ng pang-unibersal na mga bagay-bagay sa kagustuhang maging ligtas ang kanilang mga anak, lumaking malusog at maging mabuting mamamayan.

Sa Ontario, ang mga mabuting hangarin para sa ating mga anak ay pinahalagahan ng Legal na Kasulatan o Batas ng Serbisyo para sa Bata at Pamilya, na nagpapakilala sa mga kagustuhan ng mga bata at upang isagawa ang nararapat na proteksyon sa mga ito. Sa paggabay ng Batas na ito, Ang Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel ay tumatangkilik rin sa buong kabataan sa komunidad ng Peel, at nakakuha ng mga kasagutan sa mga katanungan kung paano makakamit ang planong pangkaligtasan at tamang pagdisiplina sa mga bata.

Mayroong isang importanteng katanungan ang mga magulang tungkol sa disiplinang pisikal na kung tawagin rin ay parusang militar, kung ito ay epektibo o mainam na pamamaraan upang igabay ang mga bata patungo sa kanilang responsableng paglaki.

Base sa konsultasyon sa komunidad at ebidensya ng mga pag-aaral at mga eksperto sa mga bagay na ito, ang Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel ay hindi inirerekomenda o sinusuportahan ang pagpaparusang pisikal bilang paraan nang pagdisiplina. Sa aming pagkakaalam ito ay nagbibigay at nagpapakilala ng karahasan o bayolensya sa ating lipunan at isang malaking bagay na maaaring makaapekto o magbigay ng pangmatagalang problema sa mga bata.

Ang Pinagmulan ng Disiplinang Pisikal

Mayroong mahabang istorya na pinagmulan ang paggamit ng parusang pisikal upang disiplinahin ang mga bata at upang kontrolin ang kanilang pag-uugali. Ang ibang nasasangkot dito ay naghahanap nang malinaw na paliwanag kung bakit patuloy pa rin itong nangyayari.

Gayun paman ang paggamit ng disiplinang pisikal sa mga bata ay mayroong kaugnayan sa ating nakaraan na umaakma at katulad sa paggamit ng pagpaparusang pisikal sa mga asawang babae, alila at alipin. Ang ganitong klase ng batas ay ipinagbabawal na at maaaring ibang bata na lamang ang nakakaranas ng ganitong paraan ng pagdidisiplina sa ngayon.

Ang iba naman ay sumusuporta sa paggamit ng pagpaparusang pisikal bilang pagdisiplina na bahagi ng relihiyon. Ang kanilang interpretasyon sa ilang kasulatan lalo na sa banal na libro ng Lumang Testamento, na ito ay kinakailangan sa relihiyon, utos ng Diyos. Ang interpretasyon naman ng ibang pinuno ng relihiyon, sa kaparehong bibliya at berse na kinakailangang tratuhin ang mga bata sa maayos at mahinahong paraan.

Pagsasaliksik

Nitong mga nakaraang taon, napag-alaman, na ang ilang mga magulang na Kanadiyan ay bihirang gumamit ng disiplinang pisikal. Naging bahagi ito ng mga pag-aaral at patunay na ang pamamalo at iba pang katulad na mga aksyon ay maaaring maging sanhi ng pangmatagalang problema.

Halimbawa, ang Pangkalahatang Pagsasaliksik sa Edukasyon Para sa Mga Kabataan at Pamilya ay napag-alamang 70 porsiyento ng mga kaso ng mga batang naabuso ay nagsimula sa pamamalo.

Isang pag-aaral sa Unibersidad ng McMaster sa Hamilton noong 1995, napag-alaman na ang mga taong naparusahan o napalo ng magulang noong sila ay bata pa, kadalasan ay nakakaranas ng

- Magkaloob ng lohikal na mga kahihinatnan – mga bagay na uugnay sa maling pag-uugali – ay epektibo rin.
  Halimbawa, ang batang sumasakay sa kanyang bisikleta ng walang suot na helmet ay maaaring itabi ang bisikleta nito sa buong maghapon. Ang batang nagkukulay sa dingding ay kinakailangang tumulong sa paglilinis (ni Parke, taong 1969).
- Ang pagpapaliwanag nang maayos sa bata kung ano ang mga dapat at hindi karapat-dapat na pag-uugali ay makakatulong upang maintindihan nila ang sitwasyon at matutong sumunod nang maayos(ni Parke, taong 1969).

Mga karagdagang payo mula sa mga nagtuturo sa mga magulang upang malaman nila ang disiplina na walang kasamang parusang militar:

- Karamihan sa mga magulang ay mayroong mga hindi makatotohanang ekspektasyon mula sa kanilang mga anak. Isang halimbawa ay aasahan ng mga magulang na maglinis ang maliliit na bata sa kanilang mga silid ng walang tutulong. Maaari rin silang magalit kaagad o mairita kung makaligtaan ng bata ang instruksyon. Mabuting pag-aralan ang paglaki ng mga bata upang maintindihan na ang mga bata ay nangangailangan nang paulit-ulit na salita upang matuto.
- Halimbawa, upang maging madali para sa mga bata ang matuto ng tamang pag-uugali, magkaroon ng isang maayos na paligid sa sariling tahanan. Isang simpleng hakbang na makakatulong ay ang isantabi ang mga babasaging bagay upang hindi maabot ng maliliit na bata. Ang pagtulong sa mga bata upang magkaroon ng tamang oras sa pagtulog at pagkain ay makakabawas sa pagmamaktol at pangungulit ng mga ito. Kung ang bata ay may problema sa paghahanda sa umaga para sa eskuwela, maaaring sa gabi pa lang ay ihanda na ang lahat upang maiwasan sa umaga ang hindi pagkakaintindihan.
- Ang “gawin” ay madalas na mas mabisa kaysa “huwag gawin”. Mas epektibo lalo na sa maliliit na bata – upang sabihin sa kanila na “maaari kang tumakbo sa labas” imbis na sabihing “Huwag kang tumakbo sa salas.” Maaari ring ipakita ng mga magulang sa mga bata kung paano hawakan nang maayos ang alagang tuta, imbis na sabihing “huwag kang salbahe sa kanya.”
- Hangga’t maaari, magbigay ng pagpipilian ang mga magulang sa mga bata.

Pag-aaral Para sa Magulang Na Walang Disiplinang Pisikal

Kung sanay na ang mga magulang sa paggamit ng parusang pisikal, maaaring isang hamon para sa kanila ang matutunan ang iba pang pamamaraan. Ang mga manggagawa ng Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel ay makapagpapayo sa mga pamilya tungkol sa mga problema, maaaring isangguni ng samahan ang mga programa ng komunidad sa mga magulang o ikonekta sa mga makakatulong na ahensya o magbigay ng mga pamamaraan at ideya.

Isang pananaliksik (ni Dix, taong 1991) ang nagbibigay diin sa importansya ng maayos at mapagmahal na relasyon ng mga magulang at mga anak base sa lahat nang pagdidisiplina. Ang pagpapakilala at pagsuporta sa mga positibong pag-uugali ay importante, at bahagi nito ay ang pagbibigay halimbawa ng mga magulang sa tamang pag-uugali. (ni Kohlberg, taoong 1964).

Mga pamamaraan sa pakikitungo sa mga may problema sa pag-uugali na nasuri mula sa pagsasaliksik. Ang mga higit na epektibong pamamaraan ay ang mga sumusunod:

- Ang panandaliang pahinga o *time out*, kung saan iaalis ang bata mula sa silid at hindi bibigyang atensyon o balewalain muna ng mga magulang at ng iba pa sa loob ng wastong oras ay isang mabisang paraan. Sa ibang mga kaso, ang anak ay ipinauupo sa isang silya o sa isang lugar. Napag-alaman sa mga naisagawang pag-aaral na ito ay nagbigay ng positibong pagbabago tungo sa mga inaasahan ng mga magulang (ni Forehand Scarboro, taong 1975).
- Ang panandaliang pahinga o *time out* ay hindi epektibo kung kasabay nito ay sinisinghalan ng mga magulang ang bata.
- Ang panandaliang pahinga o *time out* ay maaaring hindi agad makakapagpabago ng pag-uugali ngunit ito ay kinukunsiderang epektibong pangmatagalan (ni Lyman Wilson, taong 1982).
- Para sa mga nakakatandang anak, ang pag-alis ng mga prebilihiyo o pagbawal sa mga kagustuhang bagay at gawain ay nagpapamalas na mas epektibo sa pagbago ng pag-uugali. Mga halimbawa nito ay: walang telebisyon o laro sa *computer* sa gabi; ang hindi pagbigay pahintulot na maglaro sa labas kasama ang mga kaibigan, atbp. (ni Davies, McMahon, Flessati, at Tiedemann, taong 1984).

depresyon, adiksyon at problema sa pag-iisip pagtuntong sa tamang edad. Ang mga naabuso noong bata pa ay hindi kasama sa statistikal na pagsusuri.

Ang pagsasaliksik ng mga tao (kabilang sina Straus, taong 1997 at Baumrind at Owens, taong 2001) ay nagsusuhestiyon na ang mga batang napalo ay madalas nagiging agresibo sa mga nakakataas sa kanila kalaunan. Ang ibang pag-aaral (sa Unibersidad ng New Hampshire, taong 1991), napag-alaman na ang mga batang napalo ay madalas nananakit din ng iba, sinusuway ang mga magulang, binabalewala ang mga patakaran at walang kooperasyon kapag naobserbahan matapos ang apat na taon, at napag-alaman ni Durrant (taong 1994) na ang pagpaparusang pisikal, kalaunan ay nagiging mas marahas, o mapanganib, bayolente at nasasangkot sa krimen.

Napag-alaman nina Power at Chapieski noong 1986 na ang mga maliit na bata na napalo ay mas mabagal ang pag-unlad ng kanilang kakayahan sa lahat ng bagay sa mga susunod na pitong buwan kaysa sa mga hindi napalo. Ang kamakailang pagsasaliksik (taong 1998) ni Straus, napag-alaman na ang mga napalo na mga bata ay nagtatamo nang mababang marka kaysa sa pangkaraniwan, sa isang IQ na pagsusulit. Ang kanyang teroriya, na ang mga magulang na hindi namamalo ay higit na nagkakaroon ng wastong oras sa kanilang mga anak at ipinaliliwanag ang nararapat na pag-uugali. At ito ay makakatulong sa pagkamit ng mas mataas na marka ng IQ. Posible rin na nagkakaroon ng tensiyon sa *hormones* sa tuwing ang mga bata ay natatakot o nasasaktan dahilan sa palo, kawalan ng turo.

Sa ibang pag-aaral, napag-alaman na ang ibang magulang na may mataas na kakayahan ay maliit lamang ang negatibong epekto na sanhi ng pamamalo. Gayun paman, walang pag-aaral ang nagbibigay benepisyo sa pamamalo kumpara sa pagpapalaki at pag-aaruga na walang kasamang parusang pisikal.

Karagdagan dito, maaaring matutunan ng mga bata ang mga maling mensahe kung sila ay pinapalo at pinarurusahan. Maaaring tumimo sa kanilang isip na tama lamang na saktan ang mga taong minamahal at ang puwersang iyon ay tamang gamitin upang makamit ang kagustuhan. Maaaring tandaan nila ang pag-iwas sa parusa – halimbawa, sa pagtatago o paglilihim – imbis na matutunan ang mga dahilan ng maling pag-uugali. Mas mahirap para sa kanila ang matutunang makontrol ang mga sarili.

Mga Legal na Isyu

Ang bansang Sweden ang kauna-unahang nagpatalaga ng batas sa pagpaparusang pisikal sa mga bata noong 1979. Ang batas ay sinuportahan ng malakihang kampanya sa pag-aaral upang matulungan ang mga magulang na maintindihan ang maaaring maling epekto ng pamamalo at maturuan sila ng mga makabagong pamamaraan kapalit nito. Magmula noon, sampu pang mga bansa ang sumunod na nagpatalaga ng naturang batas upang gawing ilegal ang pamamalo.

Ngunit wala sa mga bansang ito ang nagkakaloob ng parusang kriminal sa pamamalo o pananakit.

Noong 2000, nagkaroon ng isang apila sa Korte Suprema ng Kanada na baguhin ang Seksyon 43 ng Batas Para sa Kriminal, na nagbibigay permiso sa mga magulang na gumamit ng "karapat-dapat na puwersa" upang disiplinahin ang kanilang mga anak.

Ang seksyong ito ay nagsasaad ng:
Ang bawat guro, magulang o tagapag-alaga ay may karapatang gumamit ng puwersa upang itama ang mag-aaral o anak na nasa kanyang pangangalaga, kung hindi maaari ang puwersa ano ang karapat-dapat.

Ito ay matagumpay na nagamit upang idepensa sa ganoong klaseng parusa ang mga magulang na nanakit ng mga bata sa pamamagitan ng tali, sinturon, at patpat na nag-iiwan ng mga pasa, pamamaga, at iba pang pinsala.

nagpapamalas ng kalupitan. Ang pagdidisiplinang pisikal ay kinukunsidera bilang pagmamaltrato at hindi karapat-dapat sa ibang mga sitwasyon. Halimbawa, pananampal o panghahampas sa ulo, mukha o sa bandang leeg ay kinukunsiderang matinding aksyon, gaano man kalakas ang puwersang ginamit dahil sa potensyal na pananakit. Karagdagan pa dito, kung may makikitang pasa, diperensya sa loob ng katawan, gaano man ito katotoo, ito ay kinakailangang isangguni kaagad.

iii) *Kalimitan*
Ang *paterno* ng kalimitan o kadalasan, isang patuloy na paggamit ng disiplinang pisikal na dagdag intindihin sa batang nilalang, na nagbibigay dahilan sa mas malaki ang potensyal ng pinsala, o pagkakaroon ng matagalang problemang sikolohiya o pag-iisip para sa bata.

iv) *Edad*
Mas malaki ang potensyal na pinsalang magmumula sa pagdidisiplinang pisikal. Ang mga sanggol, paslit o mga batang maliliit ay inosente at mahihina. May mga ebidensyang medikal ang makapagpapatunay, halimbawa, seryosong pinsala sa loob ng katawan, maging kamatayan, na dahilan ng pagyugyog, pagkaladkad, o paghagis ng sanggol.

v) *Nilalaman*
Kung makikita ang mapanganib na mga bagay o indikasyon ng abuso, mas malaki ang tyansa ng pinsala mula sa pagpaparusang pisikal, at mas magiging malala ang sitwasyon.

Disiplinang Pisikal at Mga Bata sa Pangangalaga

Kung ang mga bata ay nasa pangangalaga ng iba o nakatira sa ampunan o tahanan ng isang grupo, ang Samahan ng Sumusuporta sa Mga Bata ang tumatayong mga magulang. Responsibilidad naming masigurong natuturuan ang mga bata ng tamang pag-uugali, ngunit patuloy naming ipinasusunod ang aming alintuntunin sa pagpaparusang pisikal: mga magulang na nag-ampon at mga manggagawa sa tahanan ng isang grupo ay walang permisong gumamit ng pamalo o parusang militar sa mga batang nasa pangangalaga nila.

Isa pang pag-aaral (ni Lyman Wilson, taong 1982) ang napag-alaman na kung namamalo ang mga magulang, ang iba pang pamamaraan katulad ng panandaliang pahinga o *time out*, positibong pagpapasunod o pagbawal sa mga prebilihiyo ay hindi masyadong epektibo kung gagamitin.

Naniniwala kami na ang lahat ng propesyunal na manggagawa para sa mga bata at mga pamilya ay may responsibilidad na ibahagi ang mas epektibong pamamaraan sa pagdidisiplina ng bata na gumagamit ng parusang pisikal. Hindi kinukunsiderang ekslusibong responsibilidad ng Samahan ng Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel ang problema ng komunidad na pamamalo sa mga bata.

Upang malaman na hindi karapat-dapat ang pagdisiplinang parusa, ang isang manggagawa ng komunidad o *social worker* ay magkukunsidera ng mga bagay-bagay mula sa sitwasyon. May malalaki ring kadahilanan upang magsuspetsa kung kailan ang bata ay nangangailangan na ng proteksyon mula sa pagdisiplinang pisikal, at ang pagsasagawa ng plano dito upang makibahagi na sa sitwasyon ay nararapat lamang.

Mga kinukunsiderang bagay sa pag-aanalisa nito ay ang mga:

i) *Pamamaraan*

Walang magulang o tagapag-alaga ang maaaring gumamit ng mga bagay sa ano pa mang bahagi ng katawan ng bata. Mga sinturon, patpat, kurdon ng kuryente, suklay o *brush*, kutsara o sandok na kahoy o iba pang kagamitan na maaaring maging "mga sandata". Ang panganib na nagiging dahilan ng matinding pinsala ay lumalala lalo na kung gumagamit ng mga bagay na ito, dahil hindi madali para sa mga magulang ang malaman kung gaano nila nasasaktan ang mga bata. Katumbas nito, ang panununtok, paninipa o paulit-ulit na matinding pananampal sa bata o ang pagyuyugyog sa sanggol ng isang matanda ay mga dahilan upang seryosohin na ang sitwasyon.

ii) *Pagmamaltrato*

Ang isang klase ng lakas o puwersa na ginamit ng tagapag-alaga at ang bahagi ng katawan ng bata ang

Ang seksyong ito, katulad ng iba pang seksyon sa Batas Para sa Kriminal, ay may layunin na ihabla ang mga krimen na naisagawa. Ang mga ito ay hindi nagbibigay panganib sa mismong mga kagustuhan o interes ng bata. Ang batas ng Serbisyo Para sa Bata at Pamilya ay nag-uugnay sa Batas Para sa Kriminal, at nagsasagawa ng iba pang mga patakaran ng gobyerno, dahil ito ay nagproprotekta ng mga bata kasama ang mga mismong nasa panganib na masaktan o mapinsala.

Habang ito ay isang hamon para sa Seksyon 43, ipinaalam ni Hukom McCombs, na ang mga eksperto ay nagbigay ebidensya mula sa bawat panig – ang mga sumusuporta sa pagpaparusang militar sa mga bata at mga tumutuligsa – ay mga sumangayon sa ilang mga puntos:

- Ang pagpaparusang militar sa mga batang mababa ang edad sa dalawang taon ay mali at makakapinsala.
- Ang pagpaparusang militar sa mga tinedyer ay hindi makakatulong, imbis ay malaki ang potensyal na ito ay makapaminsala pa.
- Ang paggamit ng mga bagay katulad ng sinturon, ruler, atbp, ay mapanganib at hindi dapat kunsintihin.
- Ang sampal o hampas sa ulo ay mapanganib at hindi dapat mangyari.
- Walang ebidensya ng kahit ano mang benepisyo ng pamamalo kumpara sa ibang pamamaraan ng pagdisiplina.
- Wala sa mga eksperto ang sumasangayon sa pamamalo kumpara sa ibang klase ng pagdisiplina.
- Ang "panandaliang pahinga o *time out*" ay isang epektibong pamamaraan na gamit ng buong unibersal.
- Ang pamamalo ay kinasasakupan ng isa o dalawang palo sa may pigi at hindi pang-aabuso sa bata.

Ang Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel (Peel Children's Aid) ay hindi sasangkot o walang legal na responsibilidad na makibahagi sa pamamalo katulad nang nabanggit sa itaas.

Sa linya ng responsibilidad ng Ang Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel (Peel Children's Aid), gawain namin ang makibahagi sa mga sitwasyon na kung saan ang pagdisiplina ay ginamitan ng matinding pamumuwersa, halimbawa ay mga batang sinaktan sa pamamagitan ng bagay o mga batang nakaranas nang matinding pinsala.

Hinihikayat namin ang mga pamilya na pag-aralan ang ibang pamamaraan sa pagdisiplina ng walang pamamalo na kung saan ay hindi maitatago ang ebidensya sa ganitong klase nang pagpaparusa.

Karamihan sa mga magulang ay alam ang bagay na ito. Sa isang pag-aaral noong 1996 (nina Graziano, Hamblen at Platte), 85 porsiyento ng mga magulang na namalo ng kanilang mga anak ang nagsabi na naiwasan sana ang pamamalo kung mayroong ibang paraan ng pagpaparusa.

Ang Pakikibahagi ng CAS

Ang salitang disiplina ay hango sa salitang disipulo na ang ibig sabihin ay isang sumusunod o natututo, kasama na ang lahat ng bagay na isinasagawa ng mga magulang upang magturo o maggabay sa kanilang mga anak. Ang magulang na nagbibigay halimbawa ay isa ring klase nang pagdidisiplina sa kaniyang mga anak, gayun din ang magulang na nagbibigay pagkakataon sa kanilang mga anak na mamili o maranasan ang ano mang kahihinatnan ng kani-kaniyang pag-uugali.

Isa pang maihahalintulad ay ang patuloy o paulit-ulit na pagpaparusa. Sa isang banda, ang mga magulang na kailanman ay hindi gumagamit ng parusa sa pagpapalaki ng kanilang mga anak; sa isang banda naman ay mga magulang na maituturing na abusong pisikal ang disiplinang natatanggap ng kanilang mga anak na nagiging dahilan nang matinding pinsala.

Mga sitwasyong hindi nararapat na maging bahagi ang CAS:

1. Walang disiplina.
2. Pagdidisiplinang katulad nang pagbabawal sa mga prebilihiyo, panandaliang pahinga o *time out*, pagbabawal sa mga bagay na gusto, at iba pa na walang kasamang pananakit sa bata.
3. Ang madalang na pagdisiplinang pisikal at hindi matindi katulad ng isa o dalawang palo sa pamamagitan ng nakalahad na kamay sa may bandang ibaba ng damit nito. Ang layunin ng ganitong pagdisiplina ay upang ipakita ang hindi pagsangayon, at hindi upang manakit o mag-iwan ng pinsala sa bata.

Mga sitwasyong nararapat na maging bahagi ang CAS:

1. Matindi o hindi karapat-dapat na pagdisiplina.
2. Hindi karapat-dapat na pagdisiplina na nagiging sanhi ng mga pinsala.

Isang halimbawa na masasabing hindi matinding pagdisiplinang pisikal ay kung ang isang bata ay tatakbo sa isang abalang daan at hinila ng magulang ang likod ng bata at pinalo ito sa may likuran ng damit. Ito ay pangkaraniwang reaksyon mula sa mga magulang at hindi nararapat na makialam ang CAS. Gayun paman, maaaring maging interesado ang mga magulang na malaman, na ayon sa napag-aralan ng mga nagsasaliksik, na ang mga bata na napalo dahil sa pagtakbo sa daan ay mas malaki ang tyansa na magkaroon ng interes ito na tumakbong muli sa daan, kumpara sa mga batang inilipat lamang nang maayos sa isang ligtas na lugar upang maglaro at tinuruan kung paano maglaro nang tama (ni McCord, taong 1996: at Embry, taong 1977).

Isang malaking alalahanin kung ang mga magulang ay lumalagpas na sa antas nang madalang at maayos na paggamit ng disiplinang pisikal. Ang kadalasang paggamit ng mga pamamaraan sa pagdisiplina (katulad ng pamamalo, pananampal ng kamay, paniniko, atbp.) na masasabing hindi madalas na dahilan ng malaking pinsala ay pinaniniwalaan pa rin ng mga propesyunal na hindi karapat-dapat sa mga bata.

Isang pagsasaliksik (nina Straus, taong 1996; at McCord, taong 1996) ang napag-alaman na kung gaano kadalas mapalo ang mga bata, ay ganoon din kadalas magalit ang mga ito paglaki, maaaring saktan ang asawa at magkaroon ng lamat ang relasyon kapag nagkataon. Ang mga magulang na madalas mamalo ay maaaring mas maging marahas at gumamit pa ng parusang militar (katulad nang paggamit ng sinturon, o ibang bagay) at magbigay ng mga abusong pananalita na mga komento (ni McCord, taong 1996).

Napag-alaman ni McCord na ang mga magulang na madalas mamalo ay may posibilidad na lumala ang pamamalo kung ang bata ay hindi magbago, imbis na palitan ang pamamaraan nito ng pagdisiplina.